

CareAdvantage Cal MediConnect Plan (Medicare–Medicaid Plan) Aplikasyon na Form

Puwede kayong sumali sa CareAdvantage kung kayo ay:

Nakatira sa San Mateo County, May Medicare Parts A & B, May kumpletong saklaw o full-scope na Medi-Cal

Para sumali sa CareAdvantage, gawin ang isa sa mga sumusunod:

- Tawagan ang HPSM sa toll-free na numerong **1-888-252-3153** o
- I-print, sagutan, lagdaan, at ipadala ang form na ito sa HPSM sa pamamagitan ng isa sa tatlong paraang ito:

Mail:

Health Plan Of San Mateo
C/O Marketing
801 Gateway Blvd., Suite 100
South San Francisco, Ca 94080

Email:

Kunan ng larawan o i-scan
ang bawat pahina at ipadala
bilang attachment sa
info@hpsm.org

I-fax sa:

650-616-2190

Pagkatapos matanggap ang inyong aplikasyon, tatawagan kayo ng HPSM para ipaalam sa inyo kung naaprubahan ang inyong membership sa CareAdvantage o kung kailangan namin ng higit pang impormasyon.

Sabihin ang tungkol sa inyong sarili

*Pangalan		Gitnang paunang		*Apelyido	
		Lalaki	Babae		
*Petsa ng Kapanganakan	*Kasarian	Email Address			
Numero ng telepono			Ibang numero ng telepono		
*Address ng bahay (address kung saan kayo nakatira)		Lungsod	Estado	Zip code	County (optional)
Address ng post para sa mail (kung naiiba)		Lungsod	Estado	Zip code	County (optional)
Pangalan ng taong tatawagan sa panahon ng emerhensya			Numero ng telepono		

Kung kayo ay hindi katutubong nagsasalita ng Ingles, maaari kayong tumawag sa **1-888-252-3153** upang makakuha ng form sa ibang wika. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa **1-800-735-2929** o i-dial ang 7-1-1 (California Relay Service).

Anong wika ang mas gusto ninyo? (Pumili ng isa)

Sa pagsasalita:	Ingles	Espanyol	Tagalog	Tsino	Ruso	Iba pa: _____
Sa pagbabasa:	Ingles	Espanyol	Tagalog	Tsino	Ruso	Iba pa: _____

Gusto ba ninyong magpadala kami ng mga materyal sa wikang ito? Oo Hindi

Gusto ba ninyong magpadala kami ng mga materyal sa ibang pormat? (Maaaring hindi sagutin)

Mangyaring tukuyin ang uri: karaniwang sukat Malalaking titik Braille Audio CD Iba pa: _____


Pangalan ng inyong pangunahing tagabigay ng serbisyo sa pangangalaga, klinika, o sentro ng pangangalaga ng kalusugan

*Pangalan

Numero ng telepono

Sabihin sa amin ang tungkol sa inyong mga nasasakupang benepisyo sa Medicare at Medi-Cal:

Isulat ang impormasyon tungkol sa inyong mga nasasakupang benepisyo sa Medicare at Medi-Cal sa ibaba. Makikita ninyo ang impormasyong ito sa inyong kulay pula, puti at asul na kard ng Medicare, o sa isang liham mula sa Panlipunang Seguridad (Social Security) o ang Lupon ng Mga Retiradong Tauhan ng Daanan ng Tren (Railroad Retirement Board). Bukod rito, mangyaring ilagay ang numero ng inyong Medi-Cal ID card tulad nang nakikita ninyo sa harapan ng inyong kard.



Numero ng Medicare: _____

Numero ng ID card sa Medi-Cal: _____

*Ibang personal na impormasyon

Mayroon ba kayong Panghuling-Yugto ng Sakit sa Bato (ESRD)?

Oo

Hindi

Kung Oo, kompletuhin ang impormasyon na nasa ibaba:

Pangalan ng pasilidad para sa dialysis

Lungsod ng pasilidad para sa dialysis

Kung "oo" at nagkaroon na kayo ng matagumpay na operasyon ng pagpapalit ng bato at/o hindi na nangangailangan ng araw-araw na diyalisis, mangyaring maglakip ng pabatid mula sa inyong doktor.

Kayo ba ay kasalukuyang naninirahan sa isang pasilidad ng pangmatagalang pangangalaga?

Oo

Hindi

Kung Oo, kompletuhin ang impormasyon na nasa ibaba:

Pangalan ng pasilidad para sa long-term care

Numero ng telepono ng pasilidad para sa long-term care

Ang nasasakop sa inyong serbisyong pangkalusugan, kabilang ang pagkakasakop para sa iniresetang gamot

May ilang mga tao na may ibang seguro pangkalusugan o pagkakasakop sa gamot sa pamamagitan ng pribadong seguro, TRICARE, mga Taga-empleyo, mga Unyon, mga Kapakanan ng Beterano (Veterans Affairs), o mga Programa ng Estado para sa Pagtulong sa Gamot.

Mayroon ba kayong ibang nasasakop para sa serbisyong pangkalusugan maliban sa Medicare at Medi-Cal?

Oo

Hindi

Kung Oo, kompletuhin ang impormasyon na nasa ibaba:

Pangalan ng inyong plano (at taga-empleyo, kung naaangkop)

Numero ng grupo:

Numero ng ID:

1

2

Pakibasa at lumagda sa dulo ng seksiyon

Kapag nilagdaan ninyo ang form na ito, ito ay nangangahulugan na naiintindihan ninyo ang mga sumusunod:

- Ang Plano ng CareAdvantage Cal MediConnect (Plano ng Medicare-Medicaid) ay may kontrata sa pederal na pamahalaan at sa Estado ng California.
- Ang mga serbisyong pangkalusugan na makukuha ninyo sa inyong bagong plano ay maaaring iba sa mga serbisyo na nakukuha ninyo noon.
- Kailangan kong panatilihin ang Bahagi A at B ng Medicare at magkaroon ng MediCal sa pamamagitan ng Health Plan of San Mateo (HPSM).
- Kailangan nasa iisang plano ng Medicare lamang ako sa isang takdang panahaon.
- Sa aking pagsali sa CareAdvantage CMC, ititigil ko na ang aking pagpapatala sa ibang planong pangkalusugan ng Medicare o plano para sa iniresetang gamot.
- Kailangan kong sabihin sa CareAdvantage CMC ang tungkol sa anumang nasasakop na iniresetang gamot na mayroon ako o maaaring magkaroon ako sa hinaharap na panahon.
- Kapag lumipat ako ng tirahan, kailangan kong sabihin sa CareAdvantage CMC.

- Bilang miyembro ng CareAdvantage CMC, mayroon akong karapatang maghain ng apela sa mga desisyon ng CareAdvantage CMC tungkol sa mga pagbabayad o serbisyo kung hindi ako sang-ayon sa mga ito.
- Kadalasan ay hindi sinasakupan ng CareAdvantage CMC ang tao kapag nasa labas ng bansa.
- Sa petsa ng pagsisimula ng pagkakasakop ng CareAdvantage CMC, kailangan kong kunin ang aking pangangalaga sa kalusugan mula sa mga doktor ng CareAdvantage CMC, maliban lamang sa emerhensya o madaliang kinakailangan na pangangalaga, labas-ng-lugar na diyalisis o kung ako ay nakakuha ng pahintulot mula sa CareAdvantage CMC upang magpatingin sa ibang tagabigay ng serbisyo sa ilang mga pagkakataon.
- Kung kailangan kong magpatingin sa doktor o ibang tagabigay ng serbisyo na hindi kasali sa CareAdvantage CMC, maaaring kailanganin ko ang paunang pag-apruba o kailangan kong magbayad ng gastos mula sa sariling bulsa (out-of-pocket cost) para sa mga nakuha kong serbisyo.
- Nauunawaan ko na kung tinutulungan ako ng isang nagbebensang ahente, broker o iba pang indibidwal na nagtatrabaho sa o nakakontrata sa CareAdvantage CMC, maaari siyang bayaran ng CareAdvantage CMC kapag naipatala niyla ako.
- Sa pagsali sa CareAdvantage CMC, alam kong maaaring ibahagi ng CareAdvantage CMC ang aking impormasyon sa Medicare, Medi-Cal at iba pang plano, kung kinakailangan para sa paggagamot, pagbabayad at mga gawain para sa pangangalaga ng kalusugan.
- Nauunawaan ko na nasasakop ang mga iniresetang gamot, ngunit hindi palaging kapareho nito ang mga gamot na kasalukuyan ko nang iniinom. Nauunawaan ko na ako ay makakatanggap ng hindi bababa sa isang 30-araw ng panustos ng mga iniresetang gamot na kasalukuyan kong iniinom para sa unang 90 araw ng pagkakasakop sa CareAdvantage CMC. Nauunawaan ko na maaari akong patuloy na magpatingin sa mga doktor na kasalukuyan ko nang pinupuntahan nang hanggang sa labindalawang (12) buwan para sa mga serbisyo ng Medicare, at nang hanggang labindalawang (12) buwan para sa mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng pagpapatala sa CareAdvantage CMC. Kailangan kong makipag-ugnayan sa CareAdvantage CMC para sa impormasyon kung paano magagawa ito. Nauunawaan ko rin na ang CareAdvantage CMC ay mayroong mga tagabigay ng serbisyo at mga parmasya na dapat kong gamitin kapag kumukuha ng mga serbisyo para sa pangangalaga ng kalusugan, maliban na lamang sa mga hindi regular na emerhensyang sitwasyon.
- Alam ko na maaaring ibahagi ng CareAdvantage CMC ang aking impormasyon kabilang na ang impormasyon ng aking iniresetang gamot sa Medicare at Medi-Cal. Maaari nilang ibigay ito para sa pananaliksik o iba pang layunin, ayon sa pinahihintulutan ng mga Pederal na batas at regulasyon.
- Sa abot ng aking kaalaman, wasto ang impormasyon sa form na ito. Nauunawaan ko na kung sinadya kong magbigay ng maling impormasyon sa form na ito, ako ay aalisin sa pagpapatala sa CareAdvantage CMC.
- Ang aking lagda (o lagda ng aking awtorisadong kinatawan) sa form na ito ay nangangahulugang nabasa at naiintindihan ko ang form na ito. Kung ang lumagda ay ang awtorisadong kinatawan, ang lagda ng tao ay nangangahulugang siya ay awtorisado sa ilalim ng batas ng Estado upang kumpletuhin ang pagpapatalang ito, at makukuha ang dokumentasyon ng awtorisadong ito kapag hiningi ng Medicare o Medi-Cal.

*Ang Inyong Lagda

*Petsa

Kung kayo ang awtorisadong kinatawan, dapat ninyong ibigay ang sumusunod na impormasyon, lagdaan, at isulat ang petsa sa ibaba:

Pangalan (Mangyaring ilimbag)

Lagda

Tirahan

Kaugnayan sa Nagpapatala

Numero ng telepono

Petsa Ngayon

Bumisita sa www.hpsm.org/careadvantage para sa karagdagang impormasyon.

Kung may mga tanong kayo, tumawag sa isang lisensiyadong Espesyalista ng CareAdvantage para sa Medicare sa **1-888-252-3153**, Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. hanggang 6:00 p.m. Ang mga gumagamit ng TTY ay dapat tumawag sa **1-800-735-2929** o i-dial ang 7-1-1. (California Relay Service). Ang tawag ay libre.

Ang impormasyon na ito ay magagamit nang libre sa iba pang mga wika at mga format tulad ng Braille o audio CD.